Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagpili ng tamang pangatnig

Panuto: Isulat ang pangatnig na bubuo sa pangungusap. Pumili sa mga pangatnig sa kahon.

subalit	kaya	dahil	bagama't	habang	kapag	para
upang	samantalang	o	at	kasi	kung	ngunit
at	nang	kahit	hanggang	bago	sapagkat	

1. Sa panahon ng krisis, tumataas ang presyo ng mga bilihin _____ ang bayad sa kuryente.
2. Hindi ako nakatulog kagabi _____ masyadong maingay ang aking kapitbahay.
3. Magsasanay ako tuwing hapon _____ gumaling ako sa pagtugtog ng piyano.
4. Mahimbing pa rin ang tulog ni Juan _____ napakalakas ng tilaok ng mga manok sa kanyang bakuran.
5. Pagod na si Carlo _____ hindi siya makatulog.
6. Si Patrick ang titingin sa mapa _____ nagmamaneho si Gary.
7. Maaari tayong tumawid _____ berde na ang ilaw.
8. Alin dito ang dadalhin mo bukas, ang itim na pantalon _____ ang bagong maong?
9. Lapis, pambura _____ pantasa lang ang kailangan kong dalhin sa pagsusulit.
10. Magaling siya maglaro ng basketbol _____ mas gusto niya ang paglalangoy.
11. Basa ang sahig ng pasilyo _____ nadulas ang bata.
12. Umiiyak ang bata _____ tinutukso siya ng mga kalaro niya.
13. Naglaro kami ng basketbol sa labas _____ tinawag kami ni Tatay.
14. Nagising si Marco _____ tumilaok ang manok.
15. _____ natulog ang mga anak niya, nagbasa siya ng kuwento para sa kanila.
16. Sasama ako sa inyo manood ng sine _____ papayagan ako ni Nanay.
17. Marami ang kakainin ko _____ hindi ako magutom sa mahabang biyahe.
18. Pinagalitan ang mga mag-aaral _____ hindi sila ang nagsimula ng away.
19. Wala kang ginagawa diyan _____ kanina pa abalang-abala sa pagluluto ang nanay mo.
20. Maghanda na tayo ng mga kandila at baterya para sa plaslayt _____ malapit na ang bagyo.